# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## CBS300 Heroes and Judges

### CBS308 Gideon to Jair
**Conrad Jun Tolosa**

Minsan, nagpakita ang isang anghel ng Panginoon kay *Gideon (#5)* na anak ni Joash. Pinili siya ng Diyos na isugo upang iligtas ang Israel. Subalit nagduda si Gideon sapagkat ang kanyang angkan ang pinaka mahina sa lipi ni Manasseh at siya naman ang pinakahamak sa pamilya nila. Kaya humingi si Gideon ng palatandaan na magpapatunay na ang Panginoon nga ang nagsugo sa kanya.

Giniba ni Gideon ang altar ni Baal na ipinagawa ng kanyang ama at pinutol ang rebulto ni Asherah ayon sa utos ng Panginoon. Nalaman ng mga tao ang kanyang ginawa. Nagsanib sila ng pwersa upang labanan si Gideon.

***Nagbigay ng palatandaan ang Panginoon***. Dalawang beses humingi ng sign si Gideon gamit ang fleece of wool sa threshing floor. Nagkaroon ng dew sa fleece subalit nanatiling tuyo ang threshing floor at ang kabaliktaran naman ang pangalawang pangyayari, tuyo ang fleece habang basa ang threshing floor bilang pagpapatunay na si Gideon ay gagamitin ng Panginoon upang iligtas ang Israel.

Nagkampo si Gideon at ang kanyang mga tauhan sa spring ng Harod. Napansin ng Panginoon na napakaraming tauhan si Gideon. Baka akalain tuloy nila na sila mismo ang tatalo sa mga Midianites at hindi na nila isipin na nasa tulong ng Panginoon ang tagumpay. Kaya ang mga kawal na natatakot ay pinauwi ni Gideon.

Marami pa rin ang naiwan kaya binigyan sila ng Panginoon ng isa pang pagsubok. 300 na kawal ang nakapasa sa pagsubok nang sila ay uminom ng tubig sa pamamagitan ng pagsalok gamit ang kamay.

Ang 300 na kawal ay palihim na pumunta sa kampo ng mga Midianites. Sa takdang sandali, hinipan nila ang kanilang mga trumpeta sabay basag ng kanilang mga dalang banga habang sumisigaw ng *Tabak ni Yahweh at ni Gideon.* Nagulantang ang mga Midianites at nagkanya-kanya ng takbuhan at sigawan habang walang tigil naman sa pag-ihip ng trumpeta ang tatlong daang Israelita. Pinaglaban-laban ng Panginoon ang mga Midianites.

Nabihag nila ang dalawang pinunong sina Oreb at Zeeb na kanilang pinatay. Patuloy na hinabol ng 300 soldiers ni Gideon ang mga Midianites. Nang umabot sila sa Succoth, nakiusap si Gideon sa mga tagaroon na bigyan ng makakain ang kanyang mga tauhan sapagka't gutom na ang mga ito sa patuloy na paghabol sa mga kaaway. Subalit hindi sila binigyan ng pagkain ng mga taga-Succoth at sa halip ay kinutya pa sila ng mga ito. Ganoon din ang nangyari sa kanila sa Penuel.

Matapos magapi ang mga Midianites ng hukbo ni Gideon binalikan nila ang mga taga Succoth at Penuel upang igawad ang kanyang paghihiganti.

Hiniling ng mga Israelita na maghari si Gideon sa kanila. Subalit tumanggi siya at sinabing ang Panginoon ang maghahari sa kanila. Hiniling ni Gideon sa mga Israelita na ibigay nila sa kanya ang mga hikaw na nasamsam nila mula sa mga Midianites. Sinunod ng mga Israelita ang nais ni Gideon at mula sa gintong nasamsam, gumawa si Gideon ng ephod at ito ay inilagay niya sa Ophrah na kanyang lungsod. Ang ephod na ito ay ginawang diyos-diyosan ng mga Israelita. Ito ay naging malaking kapulaan kay Gideon at sa kanyang sambahayan.

Nang mamatay si Gideon, ang mga Israelita ay bumalik sa pagsamba sa mga Baal. Hindi rin sila tumanaw ng utang na loob sa sambahayan ni Gideon sa kabila ng lahat ng kabutihang ginawa niya para sa Israel.

Si *Abimelech (#6)* na anak sa labas ni Gideon ay hinikayat ang mga kamag-anak ng kanyang ina na siya ay dapat na maging hari ng Israel. Nagtungo siya sa tahanan ng kanyang ama at pinatay niya ang kanyang mga kapatid na lalaki. Nakaligtas ang bunso, si Jotham, sapagkat ito ay nakapagtago. Itinatag ng mga leaders ng Shechem si Abimelech bilang hari. Sila ay sinumpa ni Jotham.

Tatlong taon pinamunuan ni Abimelech ang Israel. Ngunit nagpadala ang Diyos ng espiritu ng hidwaan sa mga ito. Nangyari nga ang sumpang dineclara ni Jotham. Sa pamamagitan ni Gaal na anak ni Ebed, naghimagsik ang mga kalalakihan ng Shechem laban kay Abimelech. Pinapatay ni Abimelech ang mga taga-Shechem.

Nang malaman ng mga leaders sa Tower of Shechem na sinunog ni Abimelech ang kanilang lungsod, sila ay pumasok sa tower. Sinundan sila ni Abimelech at nang tumayo siya sa tapat ng pintuan ng tore upang sunugin ito, binagsakan siya ng malaking bato ng isang babae na naroon at nabasag ang kanyang bungo. Nagpasaksak si Abimelech sa kanyang armor bearer upang hindi nila masabing babae ang nakapatay sa kanya. Sa ganitong paraan, si Abimelech ay siningil ng Diyos dahil sa pagpatay sa pitongpung kapatid niya. Pinagdusa rin ng Diyos ang mga taga-Shechem, tulad ng sumpa sa kanila ni Jotham na anak ni Gideon.

Pagkamatay ni Abimelech, si Tola (#7) na Issacharite ay naging hukom. Siya ay anak ni Puah na anak ni Dodo at naninirahan sa Shamir na nasa burol ng Ephraim. Siya ay naging hukom sa Israel sa loob ng 23 taon, namatay at inilibing sa Shamir.

Si Jair (#8) na Gileadite ang sumunod na hukom ng Israel. Naghukom siya sa loob ng 22 years. Mayroon siyang 30 anak na lalaki na nakasakay sa 30 asno. Sila ay may hawak ng 30 siyudad sa lupain ng Gilead; hanggang ngayon, ang tawag dito ay Havvoth-jair. Si Jair ay namatay at inilibing sa Kamon.

Pagkamatay ni Jair, gumawa na naman ng kasamaan ang mga Israelita. Dahil dito, nagalit sa kanila ang Panginoon at hinayaan silang masakop ng mga Ammonites at mga Philistines. Pinahirapan sila ng mga ito sa loob ng 18 years. Sinalakay rin ng mga Ammonites ang mga lipi nina Judah, Benjamin at Ephraim kaya lubhang nahirapan ang Israel.

Dumulog ang mga Israelita sa Panginoon. Inalis nila ang kanilang mga diyus-diyosan at muling naglingkod sa Kanya. Kinahahabagan sila ng Lord. Nag-usap ang mga taga-Gilead kung sino ang mangunguna sa kanila sa pakikipaglaban sa mga Ammonita. Siya ay kikilalaning pinuno ng buong Gilead. Naghanda sa pakikidigma ang mga Ammonites laban sa mga Israelita.

***Multiple Choice:***

1. Ano ang matutuhan natin sa pagkatawag kay Gideon upang pangunahan ang mga Israelita?
   a. Pinili si Gideon sapagkat siya ay mula sa linya ni Joseph.
   b. Pinili ng Diyos si Gideon sapagkat siya ay matapang at malakas ang loob.
   c. Pinili si Gideon hindi dahil sa kanyang qualifications kundi sa pamamagitan niya ay masasaksihan ng mga Israelita ang kapangyarihan ng Diyos.
   d. All of the above.

2. Bakit nagbawas ng kawal si Gideon bago nila lusubin ang kampo ng Midianites?
   a. Sapagkat ayaw niya makasama ang mga duwag na kawal.
   b. Sapagkat hindi ang dami ng mga kawal ang magpapanalo sa kanila, kundi ang Diyos.
   c. Sapagkat hindi niya nais na isama ang mga kawal na may pamilya.
   d. Wala sa choices.

3. Bakit hiniling ng mga Israelita na maghari sa Gideon sa kanila?
   a. Naniniwala sila na pinili ng Diyos si Gideon upang maging ruler nila.
   b. Naniniwala sila na pagkakataon na iyon upang makilala ang kanilang angkan.
   c. Naniniwala sila na nanalo sila laban sa mga Midianites dahil kay Gideon.
   d. Wala sa choices.

4. Ang pagtanggi ni Gideon sa hiling ng mga Israelita na pagharian sila ay pagpapakita ng:
   a. kakulangan ng kumpyansa sa kanyang kakayahan.
   b. kawalan ng tiwala na patuloy siyang gagabayan ng Diyos.
   c. pag-iwas sa mabigat na responsibilidad na kanyang haharapin.
   d. pagkilala na ang Diyos ang tunay na naghahari sa bayang Israel.

5. Alin ang tamang statement?
   a. Pinatay ni Abimelech ang kanyang mga kapatid  dahil sa ambisyon na maging hari ng Israel.
   b. Si Abimelech ang pinili ng Diyos na maging kasunod na hukom ng Israel matapos ng kanyang ama na si Gideon.
   c. Nirerespeto ng bayan ng Shechem ang pagtatalaga bilang hari ni Abimelech.
   d. Wala sa choices.

© Revised July 2023  Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc